



Sabado De Glorya. Araw ng Pag asa, Paghihintay at Kaligayahan. Pag Asa, Ito ang pagpapahayag na ginamit ni Santo Pablo. Si Kristo ay ipinako at namatay sa Krus at inilibing sa libingan. Ang mga Aalagad at mga mahal umaasa sa muling pagkabuhay. Ang huling salita ni Hesus sa kanyang mga desipulo. Isang araw na puno ng Tibay at Pag asa, sa kabila ng takot at pangamba. Bagamat may takot sa kaluluwa ang mga Desipulo. Siya ay inilibing sa Libingan ngunit nasaan siya? Sabado, araw ng Pag asa. Araw ng pagbasa sa Aklat ng Rebelasyon. Nabasa natin ang paghihintay, paghahatid ng Kadiliman tungo sa Liwanag. Ito ang araw ng Pag asa.

At sa madaling araw ng Linggo. ang araw ng muling Pagkabuhay. Ang araw ng muling pagkabuhay. Balikan natin ang sinabi ni Santo Pablo. Samantha, nananatili ang tatlong ito. Pananampalataya, Pag asa, at Pag ibig, ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay ang Pag Ibig. ang muling pagkabuhay ni Hesus ay ang pagmamahal sa lahat. Sabi ni San Pablo, nanatiling makapangyarihan. Alam ko ang kapangyarihan ng kanyang muling pagkabuhay, ang kanyang mga paghihirap at sakripisyo, ako ay natutulad sa kanyang pagkamatay. (Philippians 3:10). Batay sa sariling karanasan ng muling pagkabuhay ay para sa pagmamahal sa lahat. Ang Diyos , ay hindi iniwan ang kaluluwa ng lahat na nabubuhay takot, kalungkutan at paghihirap. nya iniwan kaluluwa sa kanyang kalagayan. Pinili ng Diyos ang madaling araw ng Linggo, ang araw na ginawa nyang punuan ng pagmamahal at kaligayahan ng sangkatauhan. Ang pagmamahal sa sangkatauhan ay mabubuhay sa kaligayahan. At Saan nanggagaling Pag Ibig na ito? Nanggaling sa Puso ang kaligayahan na puno ng pagmamahal. At ng maramdaman ang kamay ni Kristo sa Krus ay pinahaba nya ito sa kanyang Puso. Ang patak ng dugo na bumuhos sa Krus. Ang patak ng dugo ng pagmamahal para sa lahat. Ang Diyos ay muling nabuhay sa kanyang kamatayan, madaling araw ng Linggo. Ang kanyang muling pagkabuhay ay ang katibayan ng malakas na pagpapahayag ng pagmamahal sa Sangkatauhan.

Sa simula ng bawat araw, tayo ay manalangin bilang pag gunita sa muling pagkabuhay. Twing Linggo, tayo ay nagdadarasal sa araw ng Linggo bilang pag gunita sa muling pagkabuhay ni Hesukristo,. Twing Linggo ay naging pista ng kasiyahan. Ito ay tinatawag na Pista ng pagmamahal sa Diyos sa ating mga Puso. Ayon sa sulat ni San Pablo sa mga Romano. Ang Pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos sa ating mga Puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo.(Roman 5:5) At sa muling pagkabuhay, ginawa ng Diyos na tuwing bwan ay pinapakita sa Coptic Kalendar. Ang ika 29th tuwing bwan ng Coptic Kalendar ay ang sinilangan at pagpapahayag ng muling Pagkabuhay. At bawat Taon ay Ipinagdiriwang natin ang Pyesta ng Pagkabuhay, na umaabot mula Limampong araw o kaya ay Pitong Linggo. At sa ikawalong Linggo, kahawig ng waling hanggan at makalangit na buhay.

Binabati ko kayong Lahat mga minamahal ko, na sana ay pagpalain kayo sa masayang pagdiriwang na ito. Sana ay maramdaman natin ang tunnan na pananampalataya, pag asa at ang walang hanggang Pagmamahal. Ang pagbuhos ng pagmamahal ng Diyos sa bawat Tao. Umaasa ako na manatili kayo sa lahat ng kabutihan. Umaasa ako na sa lahat ng diocese at mga Simbahan ay manatili kayo sa lahat ng kabutihan at kapayapaan. Ibahagi ang Pagmamahal sa bawat isa. Ekhristos Anesti, Alithos Anesti. Ang Panginoong Hesukristo ay Nabuhay, Siya ay Tunay na Buhay. Ang Kaluwalhatian ay sa Diyos Magpakaylan man. AMEN.

*Ramadas II*